

Muling itinuon na pangangalaga sa kalusugan: Pagpapatuloy sa usapan

Enero 09, 2025 [Mga katanungan ng media](#)

Inaanyayahan ang mga Albertan na ibahagi ang kanilang komento habang patuloy na muling itinutuon ang trabaho at pinapabuti ang sistema ng pangangalaga sa kalusugan ng lalawigan.

Noong Nobyembre 2023, inanunsyo ng gobyerno ng Alberta ang mga planong muling ituon ang sistema ng pangangalaga sa kalusugan para palakasin ang mga serbisyo, bigyang kapangyarihan ang lokal na paggawa ng desisyon, pahasayin ang suporta para sa mga front-line na manggagawa at pagbutihin ang mga resulta ng kalusugan para sa lahat ng Albertans. Sa buong prosesong ito, nagsagawa ang gobyerno ng mga personal na sesyon sa publiko at gumamit ng mga online na kasangkapan upang tumulong sa pangangalap ng komento at mungkahi sa bagong sistema mula sa mga Albertan at mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan.

Nakatuon ang gobyerno ng Alberta na gamitin ang mga kaalaman at karanasan ng mga Albertan sa paghubog sa bagong sistema, at magsasagawa ng pangalawang round ng pakikipag-ugnayan, kabilang ang mga personal na pampublikong sesyon, simula sa Enero 21. Bukod sa pag-update sa mga Albertan sa pinakabagong gawain sa muling pagtutuon at kung ano ang kahulugan nito para sa kanila, titipunin ng mga sesyon na ito ang mga pananaw sa pag-access sa pangangalaga sa kalusugan at ang kasalukuyang mga karanasan ng manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan, at tutukuyin ang mga oportunidad upang mapabuti ang lokal na paggawa ng desisyon.

"Mula sa simula, nakatuon na kami sa pagbuo ng isang sistema ng pangangalaga sa kalusugan na gumagana para sa bawat Albertan. Sa pagpapatuloy ng pag-uusap, tinitiyak namin na

makikita ang kanilang mga karanasan, pananaw at kadalubhasaan sa aming paggawa ng desisyon.”

Adriana LaGrange, Ministro ng Kalusugan

Simula ngayong buwan, iniimbitahan ang lahat ng Albertan na lumahok sa isa sa mga personal na sesyon ng pakikipag-ugnayan na gaganapin sa buong lalawigan. Makikita ang iskedyul online at ang pagpaparehistro para sa mga sesyon ay bukas na ngayon sa alberta.ca.

Ang mga natuklasan mula sa mga unang sesyon, na naibuod sa ulat na Ang Narinig Namin, ay nakatulong sa paggabay sa disenyo at pagpapatupad ng muling itinuo na pangangalaga sa kalusugan. Ang mga natuklasan mula sa ikalawang round ng mga pakikipag-ugnayan ay higit na magbibigay impormasyon sa gawaing ito.

Mula noong unang round ng mga pakikipag-ugnayan, inilunsad na ng gobyerno ng Alberta ang mga ahensya ng kalusugang panlalawigan na Recovery Alberta at Primary Care Alberta, inanunsyo ang Acute Care Alberta, ipinatupad ang mga pagbabago sa lehislatibo upang masuportahan ang paglipat sa bagong sistema at patuloy na magtrabaho upang makapagtatag ng isang tulong sa pamumuhay na ahensya ng kalusugang panlalawigan at mga pangrehiyon na konseho ng pagpapayo.

Ang mga Albertan na interesadong manatiling impormado sa muling pagtuon sa sistema ng pangangalaga sa kalusugan at sa mga pagkakataon ng pakikipag-ugnayan ay maaari ding mag-sign up para sa isang e-newsletter.

Mabilisang mga katotohanan

- Ang unang round ng mga pakikipag-ugnayan, na ginanap sa pagitan ng Enero at Hunyo 2024, ay nagtampok ng 65 personal na sesyon sa publiko na ginanap sa buong lalawigan. Halos 3,000 Albertan, manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan, pasyente at tagapangalaga ang lumahok sa mga sesyon na ito.
 - Mahigit 18,000 tao din ang nagbahagi ng kanilang komento sa pamamagitan ng mga online tool at halos 10,000 tao ang lumahok sa mga virtual na town hall.
 - Bukod sa mga sesyon ng pakikipag-ugnayan sa publiko, idinaos ang mga nakatuong pakikipag-ugnayan sa mga katutubong komunidad, komunidad ng francophone at iba pang pangunahing kasosyo sa kalusugan.

Kaugnay na impormasyon

- [Online na iskedyul at pagpaparehistro](#)
- [Ulat ng Ang Narinig Namin](#)
- [Muling pagtuon sa pangangalaga sa kalusugan sa Alberta | Online na Pakikipag-ugnayan sa Alberta](#)
- [Newsletter sa muling pagtuon sa pangangalaga sa kalusugan](#)
- [Recovery Alberta](#)
- [Primary Care Alberta](#)

Kaugnay na balita

- [Pagtiyak sa isang matagumpay na muling itinuon na sistema ng kalusugan \(Nob. 18, 2024\)](#)
- [Nangungunang pangunahing pangangalaga sa hinaharap \(Okt. 15, 2024\)](#)
- [Ang mungkahi ng mga Albertan ang humuhubog sa muling pagtuon sa pangangalag sa kalusugan \(Okt. 11, 2024\)](#)

Mga katanungan ng media

Jessi Rampton

780-427-2137
Kalihim ng Press, Kalusugan